# GENEVIEVE L. ASENJO

Propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat si **Genevieve L. Asenjo** sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Kasama siya sa 2018 *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art* (Literature) para sa kaniyang mga akda sa Kinaray-a, Hiligaynon, at Filipino. Ang kaniyang mga bagong aklat ay *Ang Itim na Orkidyas ng Isla Boracay: Mga Kuwento* (UP Press, 2021) at *Indi Natun Kinahanglan kang Duro nga Tinaga sa Atun Tunga/Hindi Natin Kailangan ng Maraming Salita sa Ating Pagitan: Mga Tula sa Kinaray-a & Filipino* (UP Press, 2021) na bahagi ng *Philippine Writers Series* 2021 ng LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing. May online platform siya na *Balay Sugidanun* (*House of Storytelling*). Ilalabas ng Aklat Alamid ang kaniyang libro ng kuwentong-pambata sa Kinaray-a at Filipino ngayong 2022, ang *Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog.*

# BINALAYBAY KADYA NGA AGA #2

Nagbugtaw ako sa kulas sa kisame,
karaykay nga mahimo sal-an aswang
kon gabii parehas kang pagpati kang bulig
namon nga Ati. Pay aga run. Gakamang
pasulod ang sanag halin sa gihà sa tunga
kang bubong kag kisame kag may nagguwa
nga manok. Makalupad gali ang mungà?

Indi run ako sigurado sa akon naman-an
kag sa duro pa nga butang. Palangga
ko pa bala ikaw? Ikaw pa kag ako?
Nagataas ang kaso kang COVID kag bisan
ang mga bakunado ginatrangkaso.

Nagbangon ako sa kanta kang mga pispis.
Nagarumbaanay sanda lupad; nabà, dasig:
nagahugpa sa sanga pay gulpi, indi mo run
makita. Indi ko mapiktyuran, indi ma-video.
Mabatian lang. Mapatihan man ang limug
lang, indi bala? Parehas sa video call
kon hina ang internet, sa klase ukon meeting
sa Zoom. Parehas man sa nagakatabo kanaton.

Nahidlaw man ako kanimo ba. Gulpi,
daw aswang nga gapangkugmat, daw pispis

nga rugyan pay wara gapakita.

Sanag run ang aga. Nagpahakus ako
sa anang init para puwera lagnat.

# TULA NGAYONG UMAGA #2

Nagising ako sa kulas sa kisame,
karaykay na mapagkamalang saaswang
sa gabi katulad ng paniniwala ng kasambahay
naming Ati. Gumagapang papasok
ang liwanag sa butas sa gitna ng bubong
at kisame at may lumalabas na manok.
Nakalilipad pala ang inahin?

Hindi na ako sigurado sa aking nalalaman
at sa marami pang bagay. Mahal pa ba kita?
Tayo pa ba?
Tumataas na naman ang kaso ng COVID
at tinatrangkaso kahit ang mga bakunado.

Bumangon ako sa awit ng mga ibon.
Nagpapaligsahan sila sa paglipad; mababa, mabilis:
sumasampa sa mga sanga ngunit bigla, hindi mo na makikita.
Hindi mo makukunan ng litrato, hindi ma-video.
Maririnig na lang. Mapapaniwalaan din ang boses lang,
di ba? Katulad sa video call tuwing mahina ang signal
ng internet, tuwing klase o meeting sa Zoom.
Katulad din sa nangyayari sa atin.

Nangungulila ako sa'yo, oo. Bigla.
Parang aswang na nananakot, parang ibon

na nariyan ngunit hindi nagpapakita.

Maliwanag na.
Nagpayakap ako sa init
para puwera lagnat.